ANG RIKU AY MAY SPECIALIZED NA SERBISYO PARA SA MGA BIKTIMA NG HUMAN TRAFFICKING O KATULAD NA PANANAMANTALA

Makipag-ugnayan sa amin kung:

- Ikaw ay niloko sa isang sitwasyon na hindi ka makaalis nang hindi napapahamak.
- May isang taong nananamantala sa iyo, halimbawa pagbibigay sa iyo ng napakaliit na sweldo, pagpilit o pagmamanipula sa iyo na magbigay ng serbisyong sekswal, paggawa ng krimen o gumawa ng isang bagay na labag sa iyong kalooban.
- Mayroong kumokontrol sa ginagawa mo, saan ka pumupunta, sino ang kinakausap mo o paano gamitin ang pera mo.
- May sumusubok na pasunurin ka sa pamamagitan ng pamimilit o pananakot sa iyo, halimbawa paglalahad ng isang personal na bagay, ipapadeport ka, o pag-ulat sa iyo sa mga kinauukulan, o pananakit sa iyo o mga miyembro ng iyong pamilya.
- May sumingil sa iyo ng pera sa pagpunta sa Finland, halimbawa para sa trabaho o visa
- Regular kang nagtatrabaho ng higit sa 8 oras sa isang araw o gabing-gabi nang walang dagdag na bayad; sa average ay mayroon kang kulang sa 2 days off bawat linggo o wala kang may bayad na sick leave o annual leave.
- Natatakot ka na may mananakit sa iyo kung makipaghiwalay ka sa iyong asawa o kinakasama, o pinilit ka sa isang relasyon.

Kung alinman sa ito ay totoo, o hinihinala mo na ikaw o may taong malapit sa iyo ay isang biktima ng human trafficking o katulad na pananamantala sa iba pang dahilan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono o mensahe:

+358 40 632 9293
o mag-email sa **help@riku.fi**

RIKU
RIKOSUHRIPÄIVYSTYS
VICTIM SUPPORT FINLAND

Ang Victim Support Finland (RIKU)

ay ginagabayan at sinusuportahan ang mga biktima ng krimen, mga taong malalapit sa kanila at mga saksi ng isang krimen.

ONLINE | SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO | PERSONAL

Makipag-ugnayan sa Victim Support Finland (RIKU) para sa payo at suporta kapag:

- ikaw ay bikitma ng krimen o hinihinala mong biktima ka ng isang krimen
- nakasaksi ka ng krimen
- isang taong malapit sa iyo ay biktima ng isang krimen

Ang aming mga serbisyo ay lubos na confidential. Maaari kang makipag-ugnayan sa amin, nang hindi rin nagpapakilala (puedeng anonymous), kung iniisip mo pa rin kung irereport ang krimen o hindi. Maaari ka naming bigyan ng impormasyon kung ano ang ibig sabihin nito at tulungan kang gumawa ng criminal report kung mapili mong gawin ito.

Paalala:

- Hindi kami magbibigay ng impormasyon tungkol sa iyo o iyong kaso kaninuman nang wala ang permiso mo.
- Hindi mo kailangang bigyan kami ng detalyadong impormasyon tungkol sa iyong kaso kapag nakipag-ugnayan ka sa amin.
- Palagi kaming gumagamit ng confidential at professional na tagasalin kung hindi ka nagsasalita ng Finnish, Swedish, o Ingles.

ONLINE

→ **Riku.fi/trafficking**
→ **Riku.fi/labor-exploitation**

Mag-email sa **help@riku.fi** para sa confidential na suporta at payo kung naghihinala ka na may human trafficking o pananamantala sa iyong trabaho.

SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

Linya ng telepono para sa mga biktima ng human trafficking at katulad na pananamantala
+358 40 632 9293

Lunes – Biyernes 1 PM hanggang 4 PM
Tumawag o magpadala ng mensahe

PERSONAL

Kung kinakailangan, maaaring makipagkita sa isa sa mga opisina ng RIKU.

Kung mayroon, nag-aalok kami ng may trained support person na kasama mo sa istasyon ng pulis o korte.

Maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa iyong sariling wika.

Ang RIKU ay isang non-governmental organisation (NGO) na walang politikal o relihiyong kinauugnayan.